
2

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Pasasalamat sa Diyos



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Pasasalamat sa Diyos**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Janice M. Vergara
**Editor:** Rosalinda S. Ibarra, PhD, Lordennis T. Leonardo, PhD
**Tagasuri:** Marissa B. Allas, PhD
**Tagaguhit:** Daniel F. Cariaga, Girly Mae E. Cariaga
**Tagalapat:** Marlon R. Quiba
**Tagapamahala:**
Nicolas T. Capulong, PhD, CESO V
Librada M. Rubio, PhD
Ma. Editha R. Caparas, EdD
Nestor P. Nuesca, EdD
Veronica B. Paraguison, PhD
Sheralyn M. Allas, PhD, RGC
Sierma G. Corpuz

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**
**Office Address:** Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Pasasalamat sa Diyos

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pasasalamat sa Diyos!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*
Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Edukasyon sa Pagpapakatao 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pasasalamat sa Diyos!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Ang modyul na ito ay dinesenyo at isinulat na isinasaalang-alang ang iyong mga kasanayan bilang isang mag-aaral. Makatutulong ito sa iyo upang matutunan mong mabuti ang aralin at mga gawaing inihanda.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang nakapagpapakita ng ibat ibang paraan ng pagpapasalamat sa mga biyayang tinanggap, tinatanggap at tatanggapin mula sa Diyos (EsP2PD-IVa-d-5).

## Subukin

Panuto: Basahin ang bawat sitwasyon. Isulat ang tsek ( ✔ ) kung ito ay paraan ng pasasalamat sa Diyos at ekis ( x ) kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Pagdarasal kasama ang buong pamilya.
2. Pagbibigay ng tulong sa mga nangangailangan.
3. Pagpitas ng mga bulaklak sa parke.
4. Pag-aalaga at pagmamahal ng kaniyang mga likha tulad ng mga halaman at mga hayop.
5. Paghuli ng mga ibon at ibenta ang mga ito sa palengke.

# Aralin 1 Pasasalamat sa Diyos

Ang Diyos ang may likha ng lahat ng bagay sa mundo. Hindi man natin Siya nakikita, nararamdaman natin ang kanyang pagmamahal. Kaya marapat na ipakita natin sa Kanya ang ating pasasalamat sa mga biyayang ating tinanggap, tinatanggap at tatanggapin.



## *Tuklasin*

Basahin ang maikling kuwento

### Si Andring na Madasalin

ni Janice M. Vergara

Si Aling Nena ay may dalawang anak na sina Andring at Edna. Sila ay nagtutulungan sa mga gawaing-bahay.

Isang araw umuwi si Aling Nena galing sa bukid. Nadatnan niyang mag-isa si Edna sa bahay. Nag-alala siya kaya naman nagpasama siya upang hanapin si Andring.

Napadaan sina Aling Nena sa bahay dalanginan at nakita nila si Andring na taimtim na nagdarasal. Napawi

ang pag-aalala at napalitan ng tuwa sa nakitang ginagawa ng anak.

Lumapit si Aling Nena sa anak upang tanungin ang ipinagdarasal nito. "Ako po ay nagpapasalamat sa mga biyayang ating tinanggap, tinatanggap at tatanggapin pa. Kahit wala na si tatay ay hindi Niya tayo pinababayaan" ang sagot ni Andring. Mahigpit na niyakap ni Aling Nena ang kanyang mga anak. Umuwi silang masaya sa kanilang bahay.

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong batay sa kwento. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Anong uri ng bata si Andring?
    a. matulungin
    b. mabait
    c. madasalin
    d. mahinhin

2. Saan natagpuan ni Aling Nena ang nawawalang anak?
    a. bahay dalanginan
    b. palengke
    c. kapitbahay
    d. bukid

3. Ano ang ipinagdarasal ni Andring?
    a. pagkakaroon ng maraming laruan
    b. makapasyal sa ibang lugar
    c. magkaroon ng masasarap na pagkain
    d. pagpapasalamat sa mga biyaya

4. Bakit mahalagang magpasalamat sa Panginoon?
    a. upang humingi ng kapatawaran
    b. upang pumasyal sa simbahan
    c. upang hindi makalimot sa mga pagpapala
    d. upang masabing madasalin

5. Kung ikaw si Andring, paano mo maipakikita ang iyong pasasalamat sa Diyos?
    a. maging mapagbigay kapag may nakakakita lamang
    b. maging madasalin at mapagmahal sa lahat ng oras
    c. maging masunurin sa magulang lamang
    d. lahat ng nabanggit



*Mga Tala para sa Guro*

Ang modyul na ito ay nagpapakita ng mga paraan ng pasasalamat sa mga biyayang tinanggap, tinatanggap at tatanggapin.

# Suriin

Maraming paraan upang tayo ay magpakita ng pasasalamat sa Diyos sa lahat ng biyayang natatanggap natin sa araw-araw. Ang pagdarasal ay hindi lamang paghingi ng tulong o patnubay kundi upang magpasalamat.

Narito ang ilang paraan upang magpasalamat sa ating Panginoon:

- mahalin natin at alagaan ang lahat ng Kanyang nilikha tulad ng mga halaman at hayop
- pagmamahal at pagpapakita ng malasakit sa kapwa tao
- pagiging magalang
- pagiging kuntento sa mga bagay na mayroon tayo
- pagdarasal araw-araw upang magpasalamat sa Diyos

Masdan ang mga larawan na nagpapakita ng pasasalamat sa Diyos.




pagdarasal




pagiging magalang



pangangalaga sa kalikasan



pagtulong sa nangangailangan



## *Pagyamanin*

**Panuto:** Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat sa sagutang papel.

1. Tumatakbo ka nang mabilis at hindi mo sinasadyang nakabangga ka. Ano ang iyong gagawin?
   a. walang sasabihin
   b. magagalit
   c. hihingi ng paumanhin
   d. hindi papansinin

2. Nakagawian na ng inyong pamilya ang magdasal tuwing gabi. Ano ang iyong gagawin?
   a. makikilahok sa pagdarasal
   b. magkukunwaring natutulog
   c. magtatago ako
   d. maglalaro na lang

3. Nakakita ka ng sugatan na ibon. Ano ang iyong gagawin?
   a. pababayaan na lang
   b. tatawagin si tatay upang gamutin
   c. babatuhin upang lumayo
   d. magkunwaring walang nakita

4. Isa sa inyong kapitbahay ay humihingi ng kaunting tulong upang may makain ang kanyang anak. Ano ang gagawin mo?
   a. ipagtatabuyan sila
   b. pagsasarhan ko siya ng pinto
   c. sasabihin kay nanay upang bigyan ng pagkain
   d. hindi ko na lang siya papansinin

5. Nakita mo na sinisira ng iyong kapatid ang mga bagong pananim na halaman sa inyong bakuran. Ano ang iyong gagawin?
   a. hahayaan ko na lang siya
   b. sasamahan ko sa pagsira nito
   c. sasabihan na huwag sirain ang mga halaman
   d. magkunwaring walang nakita

## Isaisip

Ang lahat ng biyaya ay galing sa Diyos. Marapat lamang na Siya ay pasalamatan sa mga pagpapalang ating tinanggap, tinatanggap at tatanggapin. Narito ang mga paraan upang maipakita ang ating pasasalamat sa Kanya.

- mahalin natin at alagaan ang lahat ng Kanyang nilikha tulad ng mga halaman at hayop
- pagmamahal at pagpapakita ng malasakit sa kapwa tao
- pagiging magalang
- pagiging kuntento sa mga bagay na mayroon tayo
- pagdarasal araw-araw upang magpasalamat sa Diyos



## *Isagawa*

**Panuto:** Lagyan ng masayang mukha ( ☺ ) kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pasasalamat at pananalig sa Diyos at malungkot na mukha naman ( ☹ ) kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Nagpapasalamat ako sa Diyos dahil walang nagkakasakit sa aming pamilya.
2. Hindi sumasali si Elsie sa mga gawain ng kabataan sa kanilang kapilya.
3. Nagbabahagi si Karlo ng kanyang baon sa kanyang mga kaklase at kaibigan.
4. Tumutulong si Kardo sa pagtatanim ng puno sa kanilang barangay.
5. Hindi nagbigay ng tulong si Aling Anita sa nasunugang kapitbahay.

## *Tayahin*

**Panuto:** Iguhit ang puso kung ito ay nagpapakita ng paraan ng pasasalamat at pananalig sa Diyos at bilog naman kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Humihingi ako ng tawad sa tuwing ako ay nakagagawa ng kasalanan.
2. Nagtatago ako sa kuwarto upang ako ay hindi mautusan.
3. Ako ay nagpapasalamat sa Diyos sa mga ibinigay niyang biyaya sa amin.
4. Tumutulong ako sa mga nangangailangan.
5. Itatapon ko ang aking natirang pagkain na hindi ko naubos habang walang nakatingin.

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Lagyan ng tsek ( ✔ ) kung ang larawan ay nagpapakita ng pasasalamat at pananalig sa Diyos at ekis ( x ) kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


1.



2.



3.



4.



5.



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**
1. ✔
2. ✔
3. x
4. ✔
5. x

**Tuklasin**
1. c
2. a
3. d
4. c
5. b

**Pagyamanin**
1. c
2. a
3. b
4. c
5. c

**Isagawa**
1. ☺
2. ☹
3. ☺
4. ☺
5. ☹

**Tayahin**
1. ♡
2. ○
3. ♡
4. ♡
5. ○

**Karagdagang Gawain**
1. ✔
2. ✔
3. x
4. x
5. ✔

# *Sanggunian*

Agonoy, Teresita, Rosella Golloso, Gloria Peralta, EdD, and Zenaida Ylarde. 2014. *Edukayson Sa Pagpapakatao K to 12, Mabuting Asal, Magandang Buhay, Ikalawang Baitang*. Vibal Group, Inc.

Department of Education, 2020. *Deped Order No.12, S 2020, Adoption of The Basic Education Learning Continuity Plan for School Year 2020-2021 In The Light of The COVID-19 Public Health Emergency*.

Guia-Biglete, Victoria, Maria Carla Mabulay-Caraan, Rolan Baldonado Catapang, and Isabel Monterozo Gonzales. 2013. *Edukasyon Sa Pagpapakatao – Ikalawang Baitang, Kagamitan ng Mag-aaral*. 1st ed. Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEdIMCS).

Guia-Biglete, Victoria, Maria Carla Mabulay-Caraan, Rolan Baldonado Catapang, and Isabel Monterozo-Gonzales. 2013. *Edukasyon Sa Pagpapakatao – Ikalawang Baitang, Patnubay Ng Guro*. 1st ed. Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEdIMCS).

Pontigon, Harriet, Guadalupe Cristobal, Rebecca Watson, and Aladdin De Guzman. 2018. *Batayan at Sanayang Aklat Sa Edukasyon Sa Pagpapakatao, Gintong Butil 4*. Rex Book Store, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph